A lifestyle of godliness is a good defense against spiritual attack. However, Jesus was completely godly and He was attacked. So, expect attacks in your life of godliness. Godliness will create a boundary against attacks of shame, guilt, and lust.

### **Creating Equal and Respectful Relationships**

Avoid the trap of being the proud man with the servants who follow him. Do you pride yourself as the spiritual father of your flock? If you are a pastor, you need to remove the elevated position that you are given by the men and women in your church. You should be their servant, not their highly esteemed leader. Of course, people will respect you for being a pastor. But, the elevated status can be a trap for you and lead you into a sexual relationship with someone who is below you. Encourage the people around you by valuing them as equals. Everyone has different gifts in the body of Christ, and we are all equal in value. Intentionally grow relationships that do not elevate you to be higher than other people. If you are the boss or the provider, you can be tempted to use that position to manipulate others into a sexual relationship with you. If you are the pastor (servant), you should use your influence to grow others into confident, pure people of God.

### **Neutralize Triggers**

As you walk through life, you will suddenly be hit with a spiritual attack. Often, that attack is triggered by something you saw, smelled, an old movie you remembered, a song, something you remember or are thinking about. If you notice a trigger, renounce that trigger. Immediately, say, "In the name of Jesus Christ, I renounce the trigger of the \_\_\_\_\_. You have no power over me." Then say, "In the mighty name of the Lord Jesus Christ, spirit of lust leave me now. Do not return." Do not be fearful of triggers. Neutralize them as you find them in your life. If there is place that you pass on the way to town where you are always attacked, when you get to that place say, "In the name of Jesus Christ, I renounce the trigger of this place. I renounce the attack here in Jesus's name." You will see a difference. If you have a sexual dream, wake up and say, "I renounce the \_\_\_\_\_ in my dream. That is not reality for me. In the name of Jesus Christ, spirit attacking my dreams leave me now." Over time, you'll find that these triggers lose their power. In fact, some of them will immediately lose power when you renounce them as a trigger.

### **Get Prayer Help**

If you feel a repeated attack, and you can't get it to leave by commanding it to leave in Jesus's name and quoting Scripture, you need to get prayer help. Ask your wife to pray for you and send away the spirit attacking you. Or, ask another pastor to pray for you and send away the attacking spirit. When you bring the attack out into the open and someone else knows about it, the attacker will usually leave immediately.

Don't battle a spirit by yourself. It is critical that you bring the battle into the light.

### **Plan Ahead**

If you know that you are weak in a certain place or at a specific time, plan ahead to avoid that place or fill that time with a healthy activity. For example, if you are tempted to look at pornography in the evening on your phone, store your phone out of reach in the evenings. Replace the phone with a book or a conversation with someone.

If you are leaving to drive into a place where you often feel attacks, say this out loud: "Holy Spirit, please protect me as I leave my house. In the name of Jesus Christ, I cover myself with the blood of Jesus and pray a blood hedge of protection around me and my family. Holy Spirit, please send your angels to protect me." Taking the time to say this prayer before you leave your house will help prevent some attacks.

### **Date Your Wife**

People put a lot of energy into not having sexual sin. Instead, invest some of that energy into having a good relationship with your wife. Learn what makes your wife enjoy time with you. Start to speak her love language. Create space in your life for passion with your wife that both of you enjoy. Make this a priority. Sexual passion is a blessing that Satan is trying to steal from you and your spouse. Fight back by gardening a healthy sexual relationship in your marriage.

### **Use the Sword of the Lord**

The whole armor of God is necessary for battle. Now, I'll just talk about using the sword of the Spirit, which is the word of God. Jesus spoke the truth out loud when tempted by Satan. It didn't stop Satan from tempting him immediately. But, it did diffuse the temptation and Satan did leave when Jesus persisted in quoting Scripture. Identify the type of attack that is happening on you. For example, if it is lust, say, "In the name of Jesus Christ, spirit of lust leave now. I choose to be content and I choose godliness." If you are being attacked by fear say, "In the name of Jesus Christ, spirit of fear leave me now. I choose to trust God. I have not received a spirit of fear, but of power, love and a strong mind." If you are under attack by a spirit of control say, "In the name of Jesus Christ, spirit of control leave me now. I trust in the Holy Spirit to teach and control."

### **Use Truth Statements Based on the Blood of Jesus**

Here are some examples of truth statements based on the blood of Jesus Christ. Read your Bible to find out more truths of what Jesus's blood purchased for you. Say these out loud when you are attacked.

By the blood of Jesus Christ, I am sanctified and set apart as God's temple. Leave now. You are trespassing on God's property.

By the blood of Jesus Christ, I am justified and forgiven. Accusing spirit leave now.

By the blood of Jesus Christ, I am cleansed as I walk in the light.

By the blood of Jesus Christ, I am accepted. Spirit of rejection leave now.

By the blood of Jesus Christ, I am an ambassador of Christ. I am not ashamed. Spirit of shame leave now.

By the blood of Jesus Christ, I release myself from this curse. Return to sender by the finger of God.<sup>iv</sup>

By the blood of Jesus Christ I am healed. Sickness leave now in Jesus's name.<sup>v</sup>

### **Quiet Time With the Holy Spirit**

All spiritual warfare is fought from a place of intimacy with God. You must consistently begin each day with time in the Word and prayer. You must read through the New Testament repeatedly and spend time in the Psalms and Proverbs. If you have a hard time concentrating on the Bible, stop and ask the Holy Spirit why you are having difficulty concentrating. Then say, "In the mighty name of Jesus Christ, spirit that is distracting me from the Bible leave now and don't return. Go to Jesus to be judged." Then take the time to read the passage again that you were having a difficult time reading.

Take the time to be quiet with the Holy Spirit and pray. Take time to ask Him what He wants you to focus on in your ministry. Ask Him what He wants you to clean out of your soul and mind. Be honest with the Holy Spirit about attacks that you are experiencing.

### **Ask God for Help**

This should be like a sandwich. Two pieces of bread and filling in the middle. Start all spiritual warfare by asking God to help you. Then, use your truth statements and speak in Christ's authority. Finish all warfare with thankfulness and praise. Say this out loud: "Victory in Jesus! Victory in Jesus!"

Remember that you fight with a sword that is already bloody with Satan's blood because Jesus already fought and destroyed Satan. You are in the process of bringing that victory into every area of your own life and into the lives of many others.

### **Thankfulness and Praise**

A strategy that works for me is to respond to spiritual attacks by immediately thanking God for something and praising God.

### **Conclusion**

#### **Maintain a Righteous Walk**

**The ruler of this world is coming, and he has nothing in Me. John 14:30b (NKJV).**

**The ruler of this world is coming. He has no claim on me. (ESV).**

**The ruler of this world approaches. He has no power over me. (NLT).**

Jesus had no sin, no strongholds, and no areas of rebellion. Therefore, Satan had no power over Jesus. There was no place in Jesus for Satan to use as a foothold. A believer must consistently deal with his strongholds, rebellion and sin. If he sins, confess and renounce that sin. If he finds a stronghold, tear it down. If he feels a spiritual attack, fight back. He must keep a clean lifestyle. This is one of his most important weapons against sexual sin. Be visible and accountable.

If you are currently addicted to pornography or are in an inappropriate relationship, you will need to get help. The strategies for becoming free from an addiction are not specifically explained in this booklet. So, you must get help. There are very helpful books available for becoming 100% free from pornography and sexual sins.

What will your legacy be? What will you pass onto your children? Will you pass on godliness, power, love, and a healthy mind? Or, will you pass on sexual strongholds and leave a legacy of hidden sin? No! That is not your story! Your story will be one of purity, victory, and godliness. Make that choice today and make that choice every day. Spiritual warfare is our calling. We already have the victory. Let's live out that victory with success!

### **Additional Resources:**

[www.SwansonMission.com](http://www.SwansonMission.com)

For a more comprehensive discussion on freedom and spiritual warfare, please avail Tim's book, Victorious Living on Amazon.

<https://www.amazon.com/Victorious-Living-Christian-Life-Kingdom/dp/B0BQ53YDM5>

# Kasariang Dalisay sa Ministeryo

By Tim Swanson

## Panimula

Ang mananampalataya ay ipinanganak na muli na may pagkakakilanlan ng kabanalan at sa pagiging bagong nilalang kay Kristo. Siya'y templo ng Banal na Espiritu at nagnanais na maging katulad ni Jesu-Kristo sa isip, damdamin at gawa. Siya ay namumuhay mula sa pundasyon ng ebanghelyo at sa kanyang pagkakakilanlan kay Kristo. Ang seksual na kasalanan ay isang katotohanan ng pagkakamali ng mananampalataya dahil hindi ito umaayon sa kanyang pagkatao bilang bagong nilalang kay Kristo. Kaya ang mga mananampalataya ay kailangang humingi ng kapatawaran sa kaniyang seksual na kasalanan at mamuhay ng makaDiyos na pamumuhay. Ang seksual na kasalanan ay nagbubunga ng pasakit sa mga mananampalataya at maging sa iba. Ito ay totoo kapag ang nangunguna sa ministeryo ay nakagawa ng seksual na kasalanan. Ang nangunguna ay nakakasakit ng damdamin ng mga tao at nasisira ang pananampalataya ng iba. Bago natin pag-usapan ang problema sa seksual na kasalanan sa namumuno, ituon muna natin ang inyong pag-iisip sa Banal na Kasulatan. Ang sulat ni Pablo kay Tito ay nagbibigay ng malinaw na pananaw kung paano maiwasan ang seksual na kasalanan at mga pagpapahiwatig para sa seksual na kasalanan.

**Ito ang aking utos: Italaga mo ang lalaking walang maipupula ang sinuman at may isang asawa. Ang kaniyang mga anak ay mga mananampalataya, dapat na hindi mapaparatan ng walang pagpipigil o masuwayin.<sup>7</sup> Ito ay sapagkat dapat na walang maipaparatang sa tagapangasiwa bilang katiwala ng Diyos. Hindi niya dapat ipagpilitan ang kaniyang sariling kalooban at hindi madaling magalit. Siya ay hindi dapat manginginom ng alak, hindi palaaway at hindi gahaman sa salapi.<sup>8</sup> Sa halip, ang kaniyang tahanan ay bukas para sa mga panauhin, mapagmahal sa mabuti, ginagamit nang maayos ang isip, matuwid, banal at may pagpipigil sa sarili.<sup>9</sup> Dapat din na panghawakan niya ang matapat na salita ayon sa itinuro sa kaniya. Ito ay upang mahimok niya ang ilan at kaniyang masaway yaong mga laban sa salita, sa pamamagitan ng mabuting aral.<sup>10</sup> Ito ay sapagkat marami ang mga masuwaying tao. (SND) Tito 1:6-10a.**

Ang Biblikal na kinakailangan sa isang tagapanguna ng simbahan ay nagtatayo ng hangganan sa pag-uugali, na siyang makapag-iingat sa nangunguna mula sa seksual na kasalanan. Simulan nating tingnan ang mga kinakailangan para sa matatanda o mangunguna sa simbahan sa Tito 1:6:10a. Pansinin ang positibong paglalarawan ng lalaking ito. Siya ay mapagpipigil at namumuhay ng walang kapintasan. Siya ay pamilyadong tao at may magandang relasyon sa kaniyang asawa at mga anak. Lalo na, siya ay walang sala ng imoralidad sa kaniyang buhay dahil siya ay maibigin sa mabuti at namumuhay ng matalino at makatarungang pamumuhay. Siya ay kumakatawan kay Mikas. Sa Tito 1:8, siya ay inilarawan bilang “may pagpipigil sa sarili” (SND). Sa salitang Griego, ang salitang ito ay (egkratés) na ang ibig sabihin ay “pinamamahalaan ang sarili.” Ang taong makadiyos ay kailangang “pinamamahalaan ang sarili.” Ang pamamahala sa kaniyang sarili ay iniingatan siya mula sa seksual na kasalanan. Binibigyan din siya nito ng kalakasan para paglingkuran ang iba kaysa sa purihin ang kaniyang sarili.

Binalaan din tayo ng Biblia laban sa tiyak kasalanan na inaalisan ng karapatan ang isang pastor, na maari siyang madala sa seksual na kasalanan. Ang taga panguna ay hindi dapat mayabang. Hindi dapat siya nakatuon sa pagsisilbi sa kaniyang sarili o magtayo ng kanyang sariling kaharian. Konektado sa pagmamataas ang paghihimagsik. Ang kasalanan ng paghihimagsik ay parang kasalanan ng pangungulam. Ang pastor ay hindi dapat naghiihimagsik. Ang rebelde, ang gusto ay siya ang magkontrol. Mahirap sa rebelde ang magpasakop sa iba. Gayun din, pansinin na ang pastor ay hindi dapat madaling magalit o bayolente. Pareho na ang dalawang kasalananang ito ay madalas na lumalago mula sa ugat ng pagmamataas at pagpaparantal sa sarili. Kailangan din niyang iwasan ang pagkahumaling sa pera, na nabubuksan ang pinto ng kasakiman at pagmamaniipula. Sa talatang 8, ispisipikong sinabi na hindi dapat siya maging sakim sa pera. Ang lahat ng kasalananang ito ay inilalagay ang tao na kung saan madali siyang magkasala sa seksual na kasalanan dahil nakatuon siya sa kaniyang sarili. Sa talata 7 ay naglalaman ng susi na makapagbubukas ng

pinto para sa seksual na kasalanan: **Hindi niya dapat ipagpilitan ang kaniyang sariling kalooban (SND).** Sa Griego ang salitang ito ay (authadē) na ang ibig sabihin ay “nalulugod sa sarili.” Nakikita mo ba ang konteksto sa seksual na kasalanan ng pagkalugod sa sarili? Habang tinatalakay natin ang problema ng seksual na kasalanan, makikita mo kung paano ihanda ng mga kasalananang ito ang pastor para sa seksual na kasalanan. Sa kabilang banda, makikita mo ring kung paano ang pagpapakumbaba, pagtitimpi, at pagiging makadiyos ay bahagi ng solusyon upang manatiling malinis. Bago natin halughugin ang problema sa seksual na mga kasalanan, sariwain natin ang ating ala-ala sa ilang mga pundasyon sa katotohanan ng Biblia.

### **Pundasyon sa mga Katotohanan ng Biblia**

Huwag mong ipatong na madalian ang iyong mga kamay sa kanino man, ni huwag kang makiisa sa mga kasalanan ng iba; panatilihin mong malinis ang iyong sarili...<sup>24</sup> Ang mga kasalanan ng ibang tao ay hayag, at nauuna sa kanila sa paghuhukom, ngunit ang kasalanan ng iba ay susunod sa kanila roon.<sup>25</sup> Gayundin naman, ang mabubuting gawa ay hayag at kung hindi gayon, ang mga iyon ay hindi mananatiling lihim. **1 Timoteo 5:22, 24-25 (ABTAG2001).**

Pinaalalahanan ni Pablo si Timoteo, batang pastor, huwag magmadali, kilalanin muna ang tao bago siya bigyan ng posisyon sa pagiging tagapanguna dahil ang totoong pag-uugali ng tao ay nangangailangan ng panahon para lubos ng makilala. Sinabi ni Pablo kay Pastor Timoteo na panatilihin ang malinis ang kaniyang sarili! Ang mga talatang ito ay may matinding babala para sa seksual na mga kasalanan. May mga ilang punto sa hinaharap, sila ay malalantad upang makita ng iba.

**Ang katawan ay hindi para sa imoralidad sapagkat ito'y para sa paglilingkod sa Panginoon, at ang Panginoon naman ang nag-aalaga sa katawan. 1 Corinto 6:13b (FSV).**

Ito ang isa sa mga mahalagang pundasyon sa katotohanan para sa seksual na kalinisan. Hindi mo pag-aari ang iyong katawan. Ginawa ito para sa kalinisan at ito ay pag-aari ng Diyos. Ito rin ay templo ng Banal na Espiritu. Ang katotohanang ito ay kailangang pagnilayan ng may makadiyos na pagkatakot.

**Ngunit takasan mo ang masasamang nasa ng kabataan. Pagsikapan mong maabot ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig at kapayapaan kasama ang mga tumatawag sa Panginoon mula sa malinis na puso. 2 Timoteo 2:22 (SND).**

Ito ang isa sa magagandang tagubilin ni Pablo para sa pagiging malinis na pastor. Maging katulad ni Joseph at tumakbo papalayo sa manunukso. Takbuhan papalayo ang anumang magpapainit sa iyong pagnanasa na bawal sa iyo. Sa halip, mamuhay ng may layunin ng pagiging makadiyos. Alamin ang iyong layunin at ipamuhay ito! Papurihan ang Diyos at salaminin ang Kaniyang kadalisan sa iyong pamumuhay.

**Kayong mga nag-aalab na may pagnanasa sa gitna ng mga ensina, sa ilalim ng bawat lunti pangkahoy; na pumapatay ng inyong mga anak sa mga libis. Isaias 57:5 (ABTAG2001).**

Ang bansang Israel ay pinaapoy ng idolotriya at mapusok sa seksual na kasalanan at sa pagpatay sa kanilang mga anak. Ang mga taong ito ay mayroon lang templo ng Diyos sa Lupa sa panahong iyon, na nasa kapitolyo ng siyudad. Walang ibang grupo ng tao sa planeta na may templo ng Diyos sa kanilang komunidad. Sa halip na mapaapoy ng may pagnanasa sa Diyos at sa pagsamba sa Kaniya, sila ay nakagawa ng kakila-kilabot na mga kasalanan. Pinalitan nila ang pagiging malapit sa Diyos sa espiritwal at seksual na pangangalunya. Ang Israel ay isang halimbawa sa bawat mananampalataya kung ano ang itsura ng seksual na kasalanan sa mananampalataya. Ang bawat mananampalataya ay may prebelehiong maging templo ng Diyos. Ang nagkakasalang mananampalataya ay may templo sa kaniyang loob pero pinili pa rin niyang makagawa ng pangangalunya laban sa Diyos sa pamamagitan ng pagsisilbi sa idolo ng seksual na imoralidad.

**Isuot ninyo ang buong kasuotang pandigma ng Diyos upang kayo'y makatagal laban sa mga pakana ng diyablo. Sapagkat ang ating pakikipaglaban ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga may kapangyarihan, laban sa mga kapangyarihang di-nakikita na naghahari sa sanlibutan sa kadilimang ito, laban sa hukbong espirituwal ng kasamaan sa**

## **kalangitan. Efeso 6:11-12 (ABTAG2001).**

Ang talatang ito ay napakahalaga habang tinitingnan natin ang dahilan kung bakit ang pastor ay bumabagsak sa seksual na kalinisan. Sila'y nabigong mapagtanto na ang puwersa ng mga demonyo ay galit sa kanila at gusto silang wasakin, ang kanilang pamilya, at ang simbahan ni Kristo. Kritikal na mapagtanto ang isang napaka talino, tusong nilalang na nagpaplanong ibagsak ka ngayon din sa kasalanan. Handa ka bang lumaban?

**Ipinangako ko sa aking sarili na hinding-hindi ako titingin nang may pagnanasa sa isang dalaga. <sup>2</sup>Sapagkat anong igaganti ng Makapangyarihang Dios na nasa langit sa mga ginagawa ng tao? <sup>3</sup>Hindi ba't kapahamakan at kasawian para sa mga gumagawa ng kasamaan? <sup>4</sup>Alam ng Dios ang lahat ng aking ginagawa. Job 31:1-4 (SND).**

Si Job ay maagap sa pagtatayo ng mga hangganan laban sa pagnanasa dahil alam niya ang mga grabeng kahihinatnan ng seksual na kasalanan. Alam niya na pinili ng Diyos ang kasal at kadalisayan para sa kanya. At, si Job ay nagkaroon ng matalas na pang-unawa na ang Diyos ang nakakaalam ng lahat. Ang pananatiling dalisay ay nangangailangan ng pagpapalano nang maaga at ng isang malusog na pagkatakot na magkasala laban sa Diyos.

Habang binabasa mo ang mga seksyon sa problema sa seksual na kasalanan, ang ating mga kaaway, kung paano matagumpay na maiiwasan ang seksual na kasalanan, alalahanin mo ang kontekstong ito ng kabanalan sa Biblia na palitan ang pagmamataas at pagsamba sa sarili. Mahalagang matandaan na ikaw ay nabubuhay upang luwalhatiin ang Diyos at masiyahan sa malapit na relasyon sa Kanya. Ang natitirang talakayan na ito ay nakasalalay sa Biblikal na pundasyon ng iyong pagkakakilanlan kay Kristo, layunin sa buhay, at ang bunga ng Espiritu na nagpupuspos sa iyong puso, isip, kaluluwa at buhay.

## **Ang Problema sa Seksual na Kasalanan**

Ang seksual na kasalanan at adiksiyong seksual ay maaring problema ng mga nasa ministryo. Sa loob ng ilang taon, pangkaraniwan nang marinig ang apat o limang nangunguna sa espirital na nahulog sa seksual na kasalanan. Ang ibang tagapanguna ay may lihim na kinagawiang kasalanan at namumuhay ng may dalawang uri ng pagkatao na may maraming seksual na kapareha. Ang ibang nangunguna ay may tinatagong adiksiyon sa pornograpiya at umaasa na walang makakaalam nito. Sa paglipas ng panahon, ang kasalananang ito ay lalantad sa kaalaman ng publiko.

Gusto kong simulan ang pag-uusap na ito sa pangungusap na “walang hindi tinatablan”. Si haring David ay malapit sa Diyos pero nahulog pa rin sa seksual na kasalanan. Ang Diyos ay tumugon sa lihim ni David at sinabi, “**Lihim mo itong ginawa, ngunit gagawin ko ang bagay na ito sa harap ng buong Israel, at sa harap ng araw.**” **2 Samuel 12:12 (ABTAG2001).** Kung ang tao na ang naisin ay ang puso ng Diyos ay nahuhulog pa rin sa seksual na kasalanan, kahit sino sa atin ay maari ring mahulog. Kaya kailangan nating linisin ang ating espirital na tahanan at labanan ang seksual na tukso. Ang seksual na tukso ay isang bitag na madaling mahulog ang mga pastor dahil sa mataas nilang posisyon na kanilang nalikha sa paligid nila. Naitaas nila ang kanilang sarili sa iba, nakalikha ng patong-patong na karangalan. Inagaw ni David si Bathsheba dahil itinaas niya ang kaniyang sarili sa kaniya. Ang nangunguna sa ministryo ay madaling tablan ng tuksong ito na para maging mapagmataas sa iba, lalo na sa mga kababaihan. Nakikita ito ni Satanas at tahimik na inaatake ang mahinang bahaging ito. Kasama ng seksual na tukso, ang mapagmataas na tagapanguna ay maaring magsimulang kontrolin at manipulahin ang iba upang mapanatili ang kanilang mataas na posisyon ng kapangyarihan. Kasakiman, karangalan, pagkontrol at pagmamaniplula ay maaring maging mga pinto patungo sa seksual na kasalanan dahil lahat sila ay konektado sa pagnanasa. Ang panlaban ay ang pagpapakumbaba sa pagsisilbi sa iba at hayaan na ang Diyos ang maitaas iyo. Ang nag-iisang Tao na dapat na kumukontrol sa mga mananampalataya ay ang Banal na Espiritu. Hindi ito trabaho ng pastor dahil ang trabaho ng pastor ay ang magsilbi, magturo, magdisipolo, mangaral, at magbabala sa panganib. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay ang magturo at ilagay ang mga sinabi ng pastor sa puso, isip at sa buhay ng tupa.



Isa pang pangunahing usapin ay maraming mananampalataya ang mangmang sa katotohanan na sila'y ipinanganak na muli sa malaking labanan na nangangalit laban sa kanila. Dahil hindi nila maunawaan ang sitwasyon at hindi lumalaban sa labanan, sila'y nahila pababa sa putikan at paulit-ulit na sinisipa ng espiritu ni Satan. Maari rin itong mangyari sa mga pastor. Ang ibang pastor ay walang alam kung ano ang mabisang panlaban sa mundo, laman at mga puwersa ni Satan. Sila'y lumalaban ng may iisang armas, kung saan maari nilang magamit ang maraming armas sa pakikipagdigma.

### **Posibleng mga Dahilan/Katuwiran**

Marami sa mga leader na nagkakasalang seksual na siguro ay gumaganda ang pakiramdam sa mga pagdadahilan. Narito ang ilan: Baka hiwalayan ako ng asawa ko pag sinabi ko sa kaniya. Baka mawala ang aking ministryo pag nalaman ng mga tao ang tungkol sa aking kasalanan. Maliit lang na kasalanan ito. Ang aking ministryo ay isang pasanin. Kailangan ko ito. Nararapat ito sa akin. Biblikal ito. Tinutulungan ko ang ibang tao na nangangailangan ng pera. Malinaw naman, na ang ilan sa mga dahilang ito ay totoo, pero maari silang makiramay sa leader na nagkakasala ng seksual.

### **Pangkaraniwang Taktika ng mga Bumabagsak na mga Leader**

Kung magbabasa ka ng tungkol sa mga bumagsak na leader, makikita mo ang pangkaraniwang mga taktika. Madalas nilang itinatago ang kanilang kasalanan sa paningin ng mga tao. May dalawang klase ng pamumuhay ang kanilang ipinamumuhay sa harap ng mga tao. Ang Kristianong tagapanguna ay pipili ng biktima na mahina sa emosyonal at may pangangailangang pinansiyal. Kapag pinagtiwalaan na siya, hahanap siya ng paraan upang siya ay umasa sa kaniya. Ang relasyon ay hindi patas, sa kaniya (tagapanguna) bilang nagbibigay ng pinansiyal na pangangailangan at siya (babae) na bilang tumatanggap ng pananalapi. Maari siyang gumamit ng mga pananakot o iparamdam ang pagkakamali para huwag itong sabihin sa iba. Suriin ang sarili ninyong buhay. Ikaw ba ay nanganganib sa hindi tamang pakikipagrelasyon? Nakikita mo ba ang iyong sarili na makakagawa ng pagkakataong magkarelasyon sa iba na may emosyonal o mahinang babae?

Ang pagkalulong sa pornograpiya ay ipinamumuhay din na pangkaraniwan nang nakikita, madalas sa computer ng pamilya o sa cell phone. Isipin mo ang iyong sariling panloob na kinagawian. Ikaw ba ay nanganganib na tumingin sa pornograpiya sa online? Ikaw ba'y sumisilip pag tinitingnan mo ang iyong Facebook o email?

### **Ang Katotohanan**

Ang seksual na kasalanan ay isang idolatriya at isang pagsamba sa sarili. Ang isang seksual na kasalanan ay pagnanakaw sa iyong asawa at isang pangangalunya. Halimbawa, ang pornograpiya ay kinokonsiderang hindi nakakasakit na kasalanan. Ngunit ang pagtingin sa pornograpiya ay isang pangangalunya dahil binibigyan niya ng kasiyahan ang kaniyang sarili sa labas ng pangako ng matrimonyo o kasal. Sinabi ng Diyos na ang mag-asawa ay iisang katawan. Ang seksual na kasalanan ay sinisira ang pagiging isa ng mag-asawa bilang isang katawan. Kapag pinagsisisihan ang seksual na kasalanan, ang mananampalataya ay kailangang maging matapat patungkol sa kaniyang kasamaan ng kaniyang paghihimagsik. Sa huli, ang sinasadyang seksual na kasalanan ay paghihimagsik laban sa Diyos. Kailangan itong aminin sa Diyos na isa itong paghihimagsik.

Ang seksual na kasalanan ay walang balidong pangangatwiran. Ang mananampalataya ay kailangang magsisi sa kaniyang kasalanan at huwag nang ipagpatuloy pa ang seksual na kasalanan. Ito ay napakahirap kung mayroong espirtual na hawak na nakatali sa buhay ng mananampalataya. At ito'y napakahirap kung ang mananampalataya ay tumangging matutunan kung paano labanan ang Satanikong espiritu. Maraming Kristiano ang naturuan na sila'y hindi tatablan ng malademonyong espiritu na inaatake ang kalooban. Ang nagiging bunga nito ay ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa pagdurusa sa hindi kanais-nais na pag-iisip at pakiramdam. Ang dugo ni Jesu-Kristo ay binayaran ang lahat upang ang mga mananampalataya ay kailangang lumaya mula sa seksual na kasalanan at pagpapahirap.

### **Ang Iyong Tatlong Kalaban**

## **Ang Iyong Laman ang Iyong Kalaban**

Ang pita ng laman ang natitirang software mula sa lumang operating system kung saan ikaw iyon. Noong ipinanganak kang muli, ang iyong dating kalikasan ay pumunta na sa krus kasama ni Jesus at namatay na. Ang iyong bagong kalikasan ay nabuhay kasama ni Jesu-Kristo. Ikaw na ngayon ay isa nang bagong nilalang, nilikha sa pamamagitan ni Jesu-Kristo para sa mabuting gawa. (Mga Taga Roma 6:1-7, Mga Taga Efeso 2:10, 1 Mga Taga Corinto 5:17). Ang iyong operating system ay napalitan na at hindi na ikaw ang lumang nilalang. Pero may software na naiwan, tinahi sa tela ng iyong puso, kaluluwa at pag-iisip. Ito ang tinatawag na pita ng laman. Ito rin ang tinatawag na kasalanan na namumuhay sa iyong kalooban. Para itong malware. Kailangan mong gamitin ang panlaban sa virus na software na Salita at Banal na Espiritu upang makita at burahin ang kasalanan. Puwede mong mapatay ang iyong pita ng laman ng dahan-dahan sa pamamagitan ng pag-aalis at pagpapalit ng klase ng pamumuhay patungo sa makadiyos na pamumuhay.

**Ngunit ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay nagmumula sa puso at siyang nagpaparumi sa tao.** <sup>19</sup>**Sapagkat nagmumula sa puso ang masasamang pag-iisip, pagpatay, pangangalunya, pakikiapid, pagnanakaw, pagsaksi sa kasinungalingan, at paglapastangan. Mateo 15:18-19 (ABTAG2001).**

Ang pita ng laman ay walang pag-iisip. Lumilikha ito ng paghihimagsik laban sa Banal na Espiritu at sa batas ng Diyos. Puwede mong malabanan ang pita ng laman sa pamamagitan ng hindi pagpansin sa pangangailangan nito na maghihimagsik. Huwag mong hayaan na ang paghihimagsik sa isipan ay sumibol. Utusan mo ang iyong kaluluwa ng sumamba sa halip na pagnanasa. Utusan mo ang iyong kaluluwa na magkaroon ng kagalakan sa halip na walang pagkakuntento. Puwede mong patayin ang pita ng laman sa pamamagitan ng pagtanggap dito at sumunod kay Jesus. Tinutukoy ng Biblia na ikaw ay may katawan, kaluluwa puso at espiritu. Ang paniniwala ko ay ang iyong espiritu ay bago nang nilalang. Na ikaw, at ikaw ang namamahala na may Banal na Espiritu. Ikaw ay nakahiwalay sa iyong puso at kaluluwa. Kailangan, ikaw ang lubos na mamahala sa iyong puso at kaluluwa sa pamamagitan ng proseso ng pagpapabanal. Kung ano ang iyong iniisip, pinaplano, pinapangarap at damdamin iyon ang iyong puso at kaluluwa. Sa Biblia inutusan ni David ang kaniyang puso, kaluluwa at isipan. Inutusan niya ang kaniyang isipan na alalahanin ang kabutihan ng Diyos. Inutusan niya ang kaniyang kaluluwa at ang lahat ng nasa kaniyang loob na purihin ang Diyos sa Kaniyang kabanalan (banal) at kapangyarihan (pangalan). Ikaw dapat ang mamahala sa iyong puso, isipan at kaluluwa sa pamamagitan ng pagkokontrol sa iyong kalooban sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

**Purihin mo ang Panginoon, O kaluluwa ko; at lahat ng nasa loob ko, purihin ang kanyang banal na pangalan!** <sup>2</sup>**Purihin mo ang Panginoon, O kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mga biyaya. Mga Awit 103:1-2 (ABTAG2001).**

## **Ang Kaharian ng Kadiliman (Ang Sanlibutan) ang Iyong Kalaban**

Ang iyong pananaw sa mundo ang batayan ng iyong mga paniniwala na nag-aayos at sumasala sa iyong saloobin tungkol sa iyong sarili at sa mga nakapaligid sa iyo. Ang iyong pananaw sa mundo ay pinagsama-samang paniniwala na maraming pinanggalingan, kasama rito ang iyong kultura, edukasyon, ang media na iyong pinanonood, at ang mga awitin. Kung paano mo ipagpalagay ang mundo sa iyong paligid at kung paano mo isipin ang mundo sa iyong paligid ay bunga ng iyong paniniwala sa pananaw sa mundo. Kaya kailangan mong sirain ang lahat ng pilosopiya at paniniwala na hindi sumasang-ayon sa Biblia. (2 Mga Taga Corinto 10:5) Dahil ikaw ay ipinanganak na patay sa espiritu, natural lang na ang iyong paniniwala ay may pagkukulang sa pagkamakatao at sa legalismo. Ikaw ay agad na maniniwala na ang mga tao ay malulutas nila ang kanilang sariling mga problema at tatanggapin ka lang ng Diyos kung ikaw ay mabuting tao. Natural din na titimbangin mo ang mga moral na pagpipilian kung ang magiging bunga ba nito ay makakabuti sa iyo at sa iba. Ang lahat ng ito ay hindi makatotohanang pundasyon ng pagpapahalaga na likas sa iyong isipan. Ang mga kasinungalingang doktrinang ito na tungkol sa buhay ay itinuturo sa iyo pag nanonood ka ng sine, pakikipag-usap sa mga kaibigan, at sa pagbabasa ng mga libro. Ang bunga ay marami sa mga mananampalataya ay mayroong halo-halong mali at tamang paniniwala na siyang gumagawa ng sarili niyang

pananaw sa mundo. Ang pag-iisip na ito ay isang problema dahil ang iyong pita ng laman ay sinasamantala ang iyong mahinang pananaw sa mundo para ipakilala sa iyo ang kasalanan sa iyong isipan. At, ito ay problema dahil ang Satanikong espiritu ay ginagamit ang iyong mahinang pananaw sa mundo upang makagawa ng foothold sa iyong isipan. Ang foothold ay nangyayari kapag tinanggap mo ang diyablo o pita ng laman bilang isang katotohanan. Ang foothold ay maaring magkuta sa iyo. May dalawang hakbang upang maitaas ang paparating na mensahe.

**Hakbang 1:** Kailangan mong matutunan ang katotohanan. Nangangailangan ito ng pinakamataas na kamalayan, na ang ibig sabihin ay kailangan mong pag-isipan ang iyong pinaniniwalaan at magpasya kung bakit mo ito pinaniniwalaan. Kailangan mong makita ang kasinungalingang pinaniniwalaan mo at itakwil ito. Ang prosesong ito ay mangyayari habang binabasa mo ang Biblia at palitan ng katotohanan ang kasinungalingan. Bahagi ito ng proseso ng pagpapabanal. Kasama mo ang Banal na Espiritu at ang simbahan upang tulungan ka sa prosesong ito.

**Hakbang 2:** Kailangan mong ihinto ang pagdaloy ng unti-Biblical na input. Agad-agad, putulin ang lahat ng imoral na mga palabas, TV, at mga awitin. Mga paksa na kailangan mong ihinto ay ang sex, pagsasayaw ng seksual, makamundong pagdiriwang, seksual na mga lyrics, pangangalunya, walang kasiyahan, pagnanais ng mas magandang buhay, pangkukulam, mahika, mga katatakutan, pagpatay, okulto, at ang mga bagay na patuloy na magdadala sa iyo sa pag-iisip at pagnanais ng imoral na sex. Mga paksa na kailangan mong magkaroon ng kamalayan at dapat suriin ang pagiging Biblikal ay ang pagka makatao, ebolusyon, paksa ng kasarian, siyensiya, balita ng mga pangyayari, at kasaysayan.

Nagtutulungan ang pita ng laman at ang kamunduhan para naisin mo ang kasalanan sa iyong damdamin at isipan. Ang Satanikong espiritu ay humahanap ng lugar sa iyong isipan kung saan mahina ang iyong isipan at pag-uugali. Maari kang pagtulungan ng lahat ng tatlo mong kaaway para ka atakihin. Gayunpaman, ang akala mo ay iisa lang ang umaatake sa iyo.

Ang mahalagang bahagi ng proseso ng pagpapabanal (mamuhay ng totoo sa iyong pagkatao bilang santo) ay ang paglakas ng iyong isipan sa pamamagitan ng pagsasanay ng Biblikal na pag-iisip at pagiging makadiyos. Ang susunod na kalaban na pag-uusapan natin ay ang Satanikong espiritu. Bahagi ng pagpapabanal ay ang paglilinis sa Satanikong daanan sa iyong buhay. Isa pang bahagi ng pagpapabanal ay ang matutunan kung paano labanan ang hinaharap na Satanikong pag-atake.

## **Mga Satanikong Espiritu ang iyong Kalaban**

Kung mayroong lumalaking espesipikong kasalanan sa iyong isipan, maaring ikaw ay sumasailalim sa pag-atakeng espirtual mula sa espiritu. Kung mapansin mo agad ang espesipikong tao sa isang silid o nakakaramdam ka ng hindi tamang pakiramdam, maaring ikaw ay sumasailalim sa pag-atake ng espiritu. Kung sa pakiramdam mo ay hinihila kang buksan mo ang iyong telepono at tumingin sa pornograpiya, ikaw ay sumasailalim sa pag-atake ng espiritu. Ang pita ng laman ay hindi nagplano ng kasalanan sa iyo at dayain kang gawin mo ang kasalananang iyan. Ginagawa ng demonyo ang gawaing ito. Akala mo na nasa isipan mo ito dahil agad silang sumasagot sa iyo. Pero, hindi ito ang nasa iyong isipan.

## **Mga Daanang Bahagi**

### **A. Pinagkukutaan**

Ang Satanikong espiritu ay maaring makapagtayo ng kuta sa buhay ng isang tao kapag siya ay nakagawa ng seksual na kasalanan. Kapat ang tao ay nakagawa ng seksual na kasalanan bago pa siya maligtas, ang pinagkukutaang iyan ay maaring manatili pagkatapos niyang maging mananampalataya. Ang kuta ay maaring malikha sa isang tao pagkatapos makagawa ng seksual na kasalanan. Ang kutang ito ay nagiging daanan para sa seksual na espiritu ng pagnanasa, pornograpiya, pangangalunya, pag-aabuso, at seksual na kabuktutan. Ang tao ay walang malay sa kutang ito.

Kapaitan at hindi pagpapatawad ay lumilikha ng kuta na binubuksan ang pinto sa espirtual na paghihirap. Ang paghihirap ay kapag ang espiritu ay patuloy na tinutukso o pinahihirapan ang tao sa pag-iisip na nagpupumilit na makagawa ng kasalananang hindi ninanais. Ang hindi naipagtapat na kasalanan ng kapaitan o

hindi pagpapatawad ay lumilikha ng lugar para sa pang-aapi ng demonyo.

Pagsasagawa ng Okulto ng isang tao sa nakaraan o mga bagay na ginagamit sa okulto sa kaniyang tahanan ay maaring makagawa ng daanan. Upang malaman ang kalayaan sa kutang ito, ang mananampalataya ay kailangang aminin at ihingi ng tawad ang lahat ng okultong aktibidad na kaniyang ginawa sa nakaraan, at linisin ang kaniyang bahay sa lahat ng mga rebulto o librong tungkol sa okulto o mga gamit sa okulto.

Hene-henerasyong pinagkukutaan ay isang kasalanang kinagawian na naisalin mula sa mga lolo pababa sa magulang, o mula sa magulang paakyat sa mga lolo. Maari ang espiritual na pang-aapi dahil sa kasalanang hene-henerasyon.

## **B. Mga Pag-atake ng Espiritual**

Karaniwan ang espiritual na pag-atake sa pag-iisip o sa damdamin na nangyayari sa loob ng tao na nagmula sa labas. Ang demonyo ay may kapangyarihang sumiksik sa isipan, sa takot, at sa damdamin. Ang taong nagmamay-ari nito ay ang kaniyang sariling pag-iisip at damdamin, na lumilikha ng maraming pagkakataon para sa sinasadyang kasalanan.

Ang espiritual na pag-atake ay pwedeng mangyari dahil sa kapaligiran, sa mga klase ng tao na iyong miniministeryo, at dahil ikaw ay Kristiano. Ang mga tao ay pupunta sa simbahan, sa inyong tahanan, at makikita ka sa pamilihan na may seksual na espiritu na nakadikit sa kanila. Ang mga espiritung iyon ay pwede kang atakihin. Minsan, mararamdaman mo ang mabigat na presensiya, may sakit, o maraming hindi kanais-nais na pag-iisip. Hindi ito nagmumula sa iyo. Nagmumula ito sa panlabas na nilalang na umaatake sa iyo.

Kung ikaw ay bumibiyaha sa lugar na may prostitusyon, nagpaparty, o nag-iinuman, makakaramdam ka ng pag-atake. O, mapapansin mo ang dahan-dahang pagbabago sa iyong pag-uugali o pag-iisip. Maari mong umpisang maramdaman ang walang kasiyahan, galit, naiinis, mapaghusga, o tinatanggap ang kasalanan. Ang iyong pagnanais na magbasa ng Biblia at manalangin ay baka maging mahina, mababa o walang gana. Ito ang mga palatandaan na ikaw ay sumasailalim ng pag-atake ng espiritual.

Ang tao ay maaari na lang biglang makaramdan ng hindi tamang pagkaakit sa isang tao. O, ang isang mananampalataya ay bigla na lang maaakit-akit sa ibang tao sa isang silid. Maari niyang isipin na ito ay isang magandang araw dahil bigla na lang siyang naging kanais-nais at popular. Lahat ng nararamdamang ito ay maaring mula sa demonyo. Ang mga ito ay hindi totoong pakiramdam na batay sa katotohanan. Ang mga ito ay hindi totoong pakiramdam na batay sa kasinungalingan ng demonyo.

## **C. Media**

Mga libro, sine, video games at social media ay maaring maging pinto para atakihin ka ng espiritu ng demonyo. Pag nagbasa ka o nanood ng walang laman ang isip, ikaw ay nakahandang tanggapin ang mensahe ng paghihimagsik, pagkamakatao, at okulto. Pag nanonood ka ng seksual na palabas, mahalay, paglapastangan sa Diyos, o itinataas ang hindi makadiyos na pag-uugali, pinapapasok mo ang mga espiritong umaatake. Sa paglipas ng panahon, makikita mo ang iyong tahimik na oras sa Banal na Espiritu ay nanunuyo. At, maari kang maglaan ng maraming oras sa paggawa ng sekular na mga aktibidad. Ang lahat ng ito ay palatandaan na ikaw ay nasa ilalim ng espiritual na pag-atake.

## **D. Tatlong Klase ng Espiritual na Pag-atake:**

1. Ang Espiritual na pag-atake mula sa iyong nakaraan ay maari kang atakehin ng hindi mo napapansin na ikaw ay nasa ilalim ng pag-atake. Ang epiritung ito ay napaka tahimik at gumagawa ng talikuran sa iyong buhay para pilitin kang gumawa ng kasalanan. Ipapahamak ka at susubukan kang patayin, kung kaya nila.

2. Ang ibang espiritung umaatake ay tahimik na pumapasok sa iyong buhay at dahan-dahang pinahihina ang iyong pagiging aktibo sa espirtualidad. Maari itong magbunga ng pagkakasakit, kapaguran, pagnanasa, galit, biglaang pagtulog, takot at iba pa. Ginagawang walang kabuluhan ang mananampalataya pagdating sa mga espiritual na bagay.

3. Ang pangatlong klase ng espiritual na pag-atake ay makakapasok nang mabilis sa iyong mundo na may

kapangyarihan. Bigla ka na lang makakaisip o makakaramdam ng mga hindi makadiyos na bagay-bagay. Bigla mo na lang mararamdaman ang kapangyarihan ng damdamin. Bigla ka na lang makakaramdam ng pagkakasakit. Bigla na lang sasakit ang iyong puso, nalilito ang iyong isipan, at mabigat ang pakiramdam. Bigla mo na lang mararamdaman ang seksualidad na pagkaaakit sa isang tao. Bigla mo na lang mararamdaman na ikaw ay natalo o kinokontrol ng iba. Ang lahat ng ito ay mga halimbawa ng seksualidad na pag-atake na hindi naman totoong kapangyarihan sa iyong buhay. Hindi ito totoong kapangyarihan, pero pwede itong makasira.

## **Paglilinis ng Bahay**

### **1. Payag ka bang madisiplina at lumaban?**

Ngunit sinusupil ko ang aking katawan, at ginagawa itong alipin, upang pagkatapos na makapangaral ako sa iba, ako mismo ay hindi itakuwil. (1 Mga Corinto 9:27 ABTAG2001).

### **2. Payag ka bang makita ng Diyos at ng iba?**

Ang sinumang gumagawa ng mga masama ay namumuhi sa ilaw, at hindi siya lumalapit sa ilaw upang hindi malantad ang kanyang mga gawa. (Juan 3:20 FSV). Dalhin sa liwanag. Suriin ang iyong buhay ng ilang mga minuto. Anyayahan ang iyong asawa at ang iba upang suriin ka.

#### **A. Pumunta sa Liwanag**

Panalangin: “Banal na Espiritu, ipakita mo sa akin kung ano ang kailangan kong linisin sa aking buhay. Sabihin mo sa akin kung ano ang kailangan kong pagsisihan at ihingi ng tawad. Sa pangalan ni Jesus Amen.”

Umupo ng tahimik at maghintay. Ang Banal na Espiritu ay ipapakita sa iyo kung mayroong dapat linisin. Maglaan ng oras para pagsisihan ang mga kasalananang iyon at ihingi ng tawad ang lahat ng iyon sa panalangin. Tapos sabihin ito ng malakas: “Aking itinatakwil ang aking mga kasalanan na \_\_\_\_\_ at akin itong tinatalikuran sa pangalang ng makapangyarihang pangalan ni Jesus.”

#### **B. Linisin ang Lahat ng Espiritung Mapang-api:**

Panalangin: “Banal na Espiritu. Ipakita mo sa akin ang mga tao na kailangan kong patawarin.” Ang pagpapatawad ay hindi lang basta sinasabi na okay lang iyon o tama lang iyon. Ang pagpapatawad ay pagbibigay kay Jesu-Kristo ng karapatang humatol at maghiganti. Inalis mo ang iyong karapatang maghiganti kapag pinili mong magpatawad. Ang pagpapatawad ay isang paglalakbay na kailangan mong simulan sa pagpapalaya sa tao para kay Jesus.

Sabihin mo ito ng malakas “Pinili kong patawarin \_\_\_\_\_ (pangalan) \_\_\_\_\_ at ibinibigay ko siya sa iyo Jesus. Ibinibigay ko sa Iyo ang karapatang maghusga.”

Panalangin: “Banal na Espiritu, Ipakita mo sa akin ang masamang espiritu na kailangan kong paalisin.” Pwede niyang itong sabihin sa iyo. O, ang Banal na Espiritu ay maaring gamitin ang mga sumusunod na proseso upang linisin ang pinagkukutaan niya sa iyo.

Basahin ang lahat ng listahan ng masamang espiritu. Kung mayroong magclick sa loob mo o mukhang nabibigyan ng diin lagyan ito ng check.

Pornograpiya	Pagnanasa	Pangangalunya
Homoseksualidad	Pagkontrol	Pagmamaniplula
Galit	Pag-aakusa	Maling pagkakasala
Pagmamataas	Pagtanggi	Hindi pagtanggap sa sarili
Sexual na pang-aabuso	Prostitusyon	Pagbabate

Kung minarkahan mo ng check ang anumang nasa itaas, ipanalangin ang mga sumusunod na dalawang hakbang para sa bawat espiritu. Bago ka manalangin, Naihingi mo na ba ng tawad sa Diyos ang mga kasalananang naisip mo? Maglaan ng oras para aminin ang iyong kasalanan kay Jesus. Kung hindi mo pa ito

nagagawa. Para sa susunod na bahagi, kailangan mong sabihin ang bawat panalangin na ito ng malakas.

**Panalangin:** Sa pangalan ni Jesu-Kristo, tinatakpan ko ang aking sarili at ang aking pamilya ng dugo ni Jesus. Banal na Espiritu, ingatan po ninyo ako at ang aking pamilya mula sa mga espirtual na pag-atake. Ipadala po ninyo ang inyong mga anghel upang ingatan kami. Ipinapanalangin ko na paikutan mo kami ng dugo ng bakod para ingatan kami ng pamilya ko. Sa pangalan ni Jesus amen”. Ngayon, balikan muli ang espiritung minakhan mo.

**Hakbang 1:** Sa makapangyarihang pangalan ni Jesu-Kristo. Inuutusan ko ang espiritu ng \_\_\_\_\_ na iwanan na ako. Inuutusan kitang pumunta kay Jesu-Kristo para tanggapin ang iyong paghatol.” (Umihip ng malakas.) “Aking itinatakwil ang lahat ng napagkasunduan na sinasadya o hindi ko sinasadyang gawin sa espiritu ng \_\_\_\_\_.”

**Hakbang 2:** “Banal na Espiritu. Ipakita mo sa akin kung kailan unang pumasok ang espiritung ito sa akin.” Tahimik na maghintay. Kung ang Banal na Espiritu ay ipinaala-ala agad ito sa iyo, gawin ang Hakbang 3. Kung hindi, gawin uli ang Hakbang 1 at 2 para sa anumang espiritung iyong minarkahan.

**Hakbang 3:** “Sa Pangalan ni Jesu-Kristo. Itinatakwil ko ang kasalanan ko sa \_\_\_\_\_ noong ako'y \_\_\_\_\_. Banal na Espiritu. Linisin mo ang lugar na kung saan naroon ang spiritu sa buhay ko. Linisin mo ako sa kasalananang iyon at mula sa masamang espiritung iyan.”

Para sa kasalanan sa pornograpiya o kasalananang seksual, ipanalangin na ang Banal na Espiritu ay linisin ang iyong mga mata at (kung nararapat) ang iyong seksual na ari.

Para sa pagkalulong sa pornograpiya o alak, kailangan mong humakbang pa ng isa. Kailangan mong palitan sa harap ng publiko ang haring pagnanasa o ang haring alak kay Haring Jesus.

Sabihin ito ng malakas: Hari ng pagnanasa. Sa pangalan ni Jesu-Kristo, inaalis ko ang iyong trono, ang iyong pamamahala, ang iyong balabal, ang iyong korona, at ang iyong setro. Wala kang kapangyarihan sa akin mula sa araw na ito hanggang sa hinaharap sa makapangyarihang pangalan ni Jesus. Winawasak ko na ang paghawak mo sa akin at pinapalayas na kita sa buhay ko ngayon din. Si Haring Jesus na ang aking hari. Tinatanggihan na kita. Umalis ka na sa makapangyarihang pangalan ni Jesu-Kristo ng Nazareth. Pinapaalis na kita sa buhay ko mula sa espada ng Banal na Espiritu. Huwag ka nang bumalik sa akin at sa aking pamilya.” (umihip ng malakas)<sup>vi</sup>

Ulitin para sa King Alcohol, kung ikaw ay nalulong sa alak.

### **Panalangin upang sirain ang hene-herasyong kasalanan o pinagkukutaan**

Ang iyo bang tiya, tiyo, lolo, lola, nanay o tatay ang may kaparehong problema tulad mo? E, ang iyong mga kapatid? Kung oo, malamang ikaw ay nakikitungo sa hene-henerasyong problema. Ipanalangin ang panalanging ito upang palayain ang iyong sarili at iyong pamilya mula sa problemang ito.

“Mahal kong Ama sa Langit, lumalapit ako sa iyo na may problema sa \_\_\_\_\_. Ito ay kasalanan at problema ng aking pamilya. Ito ay problema sa aking \_\_\_\_\_, sa aking \_\_\_\_\_, at aking problema. Humihingi ako ng tawad para sa aking mga ninuno, sa aking pamilya at sa akin para sa kasalananang ito at talikuran ito. Patawarin po Ninyo ang aking mga ninuno, at ang aking pamilya at ako para sa kasalananang \_\_\_\_\_. Banal na Espiritu, putulin po ninyo ang espiritu ng \_\_\_\_\_ na mula pa sa aking mga ninuno, mula sa pamilya ko at mula sa akin. “Hene-henerasyong espiritu ng \_\_\_\_\_ pinuputol na kita mula sa akin at sa aking pamilya na may espada ng Espiritu. Winawasak kita sa dugo ni Jesus. Sa makapangyarihang Pangalan ni Jesu-Kristo. Inuutusan kitang layuan ako, ang aking pamilya, ang aking mga anak, at ang aking kaapo-apuhan ngayon at magpakailan man! Ang hene-henerasyong espiritung ito ng \_\_\_\_\_ inuutusan kitang pumunta kay Jesu-Kristo para tanggapin ang iyong paghatol.” (umihip ng malakas.)

Ulitin ang panalanging ito sa bawat hene-henerasyong kasalanan. Halimbawa: galit, pagnanasa, pagkalulong sa alak. (Ang panalanging ito ay mula kay Aureole Piper.)

### **Ang Paglabag sa Kaluluwa ay Pakagapos sa Seksual na Kapareha**

Kung ikaw ay may seksual na relasyon sa iba maliban pa sa asawa mo, kailangan mong sabihin ang mga sumusunod na panalangin ang pangalan ng bawat isa. Kung mayroon kang pagkahumaling sa porno at pinapanood ang spesipikong artista, sabihin mo rin ang pangalan nila ng malakas sa mga sumusunod na panalangin. Gumawa ng listahan ng mga pangalan. Ipanalangin ang mga sumusunod na panalangin sa bawat pangalan. Ilagay ang pangalan sa patlang. (Sabihin ito nang malakas.)

“Sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu, pinuputol ko ang lahat ng taling nag-uugnay sa akin sa hindi makadiyos na espiritu, kaluluwa, katawan at ang anumang namagitan sa amin ni (pangalan ng seksual na naging kapareha). Pinuputol ko ang pagkaibig sa hindi pangkaraniwang relasyon at hinihingi ko sa Diyos na alisin sa akin ang lahat ng naging impluwensiya ni (pangalan ng seksual na naging kapareha) noon, at bumabalik ako sa aking sarili ang bawat bahagi na nagkaroon ng maling pakikipag-ugnayan at pagkaalipin kay (pangalan ng seksual na naging kapareha). Kinakausap ko ang bawat masamang espiritu na nagsamantala sa hindi makadiyos na kaugnayan ng aking kaluluwa. Wala ka nang karapatan dito, at inuutusan kitang umalis nang hindi ako sinasaktan o sinumang tao, at huwag nang pumunta sa sinumang miyembro ng aking pamilya. Sa pangalan ni Jesus, amen!”<sup>vii</sup> <sup>viii</sup>

## **Mamuhay ng Matagumpay na Buhay ng Kadalisan**

### **Humingi Agad ng Tulong**

Kung ikaw ay lulong sa Seksual na kasalanan tulad ng pornograpiya, kailangan mong humingi ng tulong para mapagtagumpayan ang adiksiyong ito. Pwede mong tawagan si Tim Swanson. Sinasabi ng kayabangan na kaya mong lutasin mag-isa ang iyong problema. Ang kayabangan ang iyong kalaban!

### **Magpakita at May Pananagutan**

Maging mapagkumbabang mag-aaral na nangunguna sa inyong organisasyon. Huwag maging magagalitin, at mayabang sa pamumuno ng inyong organisasyon. Sa halip buksan mo ang iyong puso at pag-iisip sa iyong mga malapit na kailigan. Hayaang makita ng mga tao ang totoo mong pagkatao. Ipamuhay mo ang iyong buhay para makita ng iba ang halimbawa ng kabanalan sa iyong buhay. Huwag mong itago ang iyong pagkabigo. Hayaan mong makita ng asawa mo at malapit na kaibigan ang iyong pagiging totoong tao: ang santong lumalago sa pagpapabanal ng Diyos. Maging may pananagutan sa kapwa. Kung ikaw ay sumasailalim sa pag-atake, sabihin mo sa asawa mo. Kung ikaw ay nadapa sa internet, humingi ng tawad sa iyong asawa. Hayaang makita ng iba ang pribado mong buhay. Huwag gumawa ng anumang puwang ng paglilihim sa iyong buhay. Maging bukas at anyayahan ang iyong pinagkakatiwalaang kaibigan upang panagutin ka. Maging tapat sa iyong asawa. Kung may problema ka sa internet, huwag mong gamitin ang iyong telepono o computer kung saan may makikita kang iba. Magpakita ka at huwag mong itago ang iyong mga ginagawa.

Ang pananagutan ang kryptonite sa pamumuno ng mga sekswal na kasalanan. Anyayahan ang iyong asawa at ang ibang elder sa simbahan sa iyong personal na buhay. Maging mahina at tapat. Natatakot ka na hindi ka tatanggapin ng iyong asawa at ng iba. Sa umpisa, mararamdaman ng asawa mo na hindi mo siya tinanggap, na totoo naman. Kalaunan, malalaman mo na tatanggapin ka niya, patatawarin ka, at rerespetuhin ka sa pagtatapat. Kung ikaw ang hari ng kaharian at hindi malapitan, ikaw ay isang madaling target ng mundo, ng pita ng laman at ng mga demonyong sundalo ni Satan. Kung ikaw ay uupo sa bilog na mesa kasama ang iyong asawa at ang iba pang mga nangunguna, makikita mo ang kalakasan at suporta nila. Mahirap kay Satan na sirain ang lalaking may pananagutan sa kapwa.

### **Gumawa ng Limitasyon (Gumawa ng mga Hadlang)**

Ang iyong isipan, kaluluwa at buhay ay parang lunsod. Kailangan mong magtayo ng solidong pader sa paligid nito para maingatan ang iyong sarili sa pag-atakeng espirtual. May mga espisipikong pagkilos na kailangan mong gawin para maitayo ang pader na ito.

### **Limitasyon sa Pag-iisip**

Bihag ang bawat pag-iisip at pasunurin kay Jesus. Kailangan mong makontrol ang iyong pag-iisip. Kailangan mong lumaban hanggang lumakas ang iyong pag-iisip. Sinabi sa 2 Timoteo 1:7 na binigyan ka ng

kapangyarihan ng Diyos, pagmamahal at kontrolin ang pag-iisip. Magsanay upang mapalakas mo ang mga muscle sa iyong kaisipan hanggang ang iyong isipan ang maging ganap na malakas para patayin ang pag-iisip na wala dapat sa iyong isipan.

### **Limitasyon sa Relasyon**

Gumawa ng ligtas na sona sa paligid kapag ikaw ay may kasamang iba. Piliin makisama sa mga tao na may kaparehong kasarian maging sa iyong pamilya o mga kaibigan. Kung ikaw ay lalake, huwag sumama mag-isa sa mga babae o sa mga batang babae kung hindi mo asawa. Huwag magpasakay sa dalaga na kasama mo sa simbahan sa iyong motorsiklo. Mag-ingat na huwag magkaroon ng online na pakikipagrelasyon sa babae na hindi mo asawa. Mag-ingat na huwag magministryo mag-isa sa taong hindi mo kapareho ng kasarian. Kung ipapanalangin mo ang may sakit na babae, magsama ng isang miyembro sa simbahan. Ang panuntunang iito ay para makagawa ng ligtas na lugar para sa iyong paligid, para hindi ka magmukhang masama, ng maling paratang, o mahulog sa seksual na kasalanan. Kung ikaw ay may asawa, huwag kang magkaroon ng malapit na relasyon sa ibang babae. Kung napapansin mong naglalaan ka ng panahon sa ibang babae sa simbahan, maghanap ka ng ibang tao na makakausap. Huwag hayaan na magkaroon ka ng emosyonal na relasyon na mabubuo sa pagitan ninyo ng babae na hindi mo asawa. Tandaan na laging iwasan na magmukhang masama o magkaroon ng makasalang relasyon. Kung ikaw ay magbibiro, tandaan na panatilihin malinis ang iyong mga pananalita. Huwag magbiro ng tungkol sa mga sex. Huwag pag-usapan ang tungkol sa sex sa babae lalo na kung mag-isa ka o sa maliit na grupo. Magturo ng tungkol sa seksualidad sa konteksto ng magkakahalang kasarian o sa malaking grupo.

### **Limitasyon sa Paghawak**

**Panalangin:** Bantayan mo ang pagitan ng inyong katawan at sa kilos ng mga babae. Iwasan mong humawak sa mga hindi kanais-nais na bahagi ng katawan. Halimbawa, kung ipapanalangin mo ang babae, tanungin mo kung pwede mong hawakan ang kaniyang balikat o ang kaniyang tuhod. Sa ibang sitwasyon, pwede mong hawakan ang kaniyang ulo. Gayunpaman, ang paghawak sa ulo ng babae ay maari itong makalikha sa kanya ng pakiramdam ng pagpapasakop. Mag-ingat kung paano at kung saan mo hahawakan ang ang tao kapag ipapanalangin mo sila.

**Pagyakap:** Sa halip na yakapin at makipagkamay, bigyan mo na lang ng fist bump ang hindi kaparehong kasarian o high five. Kung yayakapin mo, mag-ingat at siguraduhing ito'y sa gilid lang na pagyakap at hindi dapat maramdaman na ito'y hindi naaakop sa babae. Mas mabuting huwag yakapin ang sinumang babae maliban na lang kung ito'y kapamilya mo o asawa.

**Pagtingin:** Ang ibang tao ay iniwasang makipagtinginan sa babae. Sa tingin ko ay hindi ito ang tamang sagot. Ang sagot ay ngumiti at pahalagahan ang mga tao ng pantay-pantay. Kung ikaw ay nakatitig sa dalaga o paulit-ulit na nagkakatinginan, hindi ito naaangkop. Pwede kang tumingin sa tao at ngumiti ng hindi mukhang agresibo o hindi naaangkop.

**Humingi ng Paumanhin:** Kung may nahawakan kang hindi sinasadya na hindi naaangkop, humingi ng paumanhin, "Sorry po," tapos lumakad papalayo.

### **Limitasyon sa Pagmiministryo**

Mahalagang magkaroon ng malusog at balanseng oras sa pamilya, personal na oras sa pag-aaral, pag-eehersisyo at ministryo. Ang pagkakamali ng maraming pastor ay ang kanilang buong oras na ginugugol sa pagmiministryo. Gumawa ng schedule para sa iyong buong linggo kung wala kang ginagawa sa iyong ministryo. Kailangan mong magkaroon ng kalidad na oras sa Banal na Espiritu bago ka makapagbigay ng oras sa Kaniyang ministryo. Kailangan mong magkaroon ng kalidad na oras sa iyong pamilya dahil bahagi sila ng pundasyon kung saan ka nagmiministryo. Ang pamilya mo ang ibinigay ng Diyos sa iyo para panatilihin kang ligtas sa seksual na kasalanan. Isang kahina-hinalang katangian ng espiritu ng pagnanasa sa isang pastor ay ang walang kakayahang tumigil sa bahay. Ang espiritu ng pagnanasa ay hinihimok ang pastor na patuloy na nagmiministryo sa komunidad. Dahil ang espiritu ng pagnanasa ay hindi nasisiyahan at tinataguyod ang walang kasiyahan sa pakiramdam kapag nasa bahay. Nakikita mo ba ang sarili mo na



tinataguyod ang sarili o ang iyong ministeryo? Ito rin ay palatandaan ng espiritu ng pagnanasa. Ang espiritu ng pagnanasa ay maaring hindi ka maapektuhan sa seksualidad, kaya aatakin ang iyong ibang bahagi. Ang Biblia ay hindi lang nililimitahan ang pagnanasa sa seksual na kasalanan. Ang pagnanasa ay maaring lumitaw sa kakulangan sa limitasyon sa pagmiministeryo. Karaniwan, ang nangunguna ay nalululong sa pagmiministeryo. Na siyang kaniyang nagiging pangangalunya. Binalaan ni Pablo si Timateo sa mga tagapanguna na tulad nito sa simbahan.

**Siya ay palalo, walang nauunawang anuman; at siya ay nahuhumaling sa mga usapin at sa pagtatalo tungkol sa mga salita na pinagmumulan ng inggit, away, paninirang-puri, mga masasamang hinala, <sup>5</sup> pag-aaway ng mga taong masasama ang pag-iisip at salat sa katotohanan, na inaakalang ang kabanalan ay paraan ng pakinabang. <sup>6</sup> Subalit ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking pakinabang. <sup>7</sup> Sapagkat wala tayong dinalang anuman sa sanlibutan, at wala rin naman tayong mailalabas na anuman; <sup>8</sup> ngunit kung tayo'y may pagkain at damit, masiyahan na tayo sa mga ito. <sup>9</sup> Ngunit ang mga nagnanais yumaman ay nahuhulog sa tukso, at nabibitag sa maraming hangal at nakapipinsalang pagnanasa, na siyang naglulubog sa mga tao sa pagkawasak at kapahamakan. <sup>10</sup> Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na ang ilang nagnasa rito ay napalayo sa pananampalataya at tinusok ang kanilang mga sarili ng maraming kalungkutan. 1 Timateo 6:4-10 (ABTAG2001).**

Sa tekstong ito, nagbigay si Pablo ng ibat-ibang paraan kung paano nahahayag ang mga pagnanasa: kasakiman, ginagamit ang pagiging makadiyos para sa pansariling benepisyong, pagnanasang yumaman. Ang iba ay yumaman sa pananalapi. Gusto nilang yumaman sa kapangyarihan o reputasyon. Isang magandang paraan upang maitayo ang hangganang ito laban sa ganitong klaseng kasakiman ay ang paggawa ng balanseng iskedyul sa ministeryo. Ipaalam sa mga tao ang iyong iskedyul at sabihing hindi pwede kapag hiniling na baguhin ang iyong iskedyul. Kung ito ay totoong emergency, na hindi pangkaraniwan, sirain mo ang iyong iskedyul. Gayunpaman, karamihan sa mga pagpupulong o tawag sa telepono ay hindi naman sensitibo sa oras. Pwede mo itong gawin kinabukasan. Sa halip ay isabuhay ang payo ni Pablo kay Pastor Timoteo sa **1 Timoteo 6:11-12a: Ngunit ikaw, O tao ng Diyos, layuan mo ang mga bagay na ito at sumunod ka sa katuwiran, sa pagiging maka-Diyos, sa pananampalataya, sa pag-ibig, sa pagtitiis, at sa kaamuan. <sup>12</sup> Makipaglaban ka sa mabuting pakikipaglaban ng pananampalataya, panghawakan mo ang buhay na walang hanggan na dito'y tinawag ka. (ABTAG2001).**

Ang klase ng pamumuhay ng pagiging makadiyos ay isang magandang depensa laban sa pag-atakeng espirtual. Gayunpaman, si Jesus ay lubos na makadiyos pero siya pa rin ay inatake. Kaya, asahang may pag-atake sa iyong makadiyos na pamumuhay. Ang pagiging makadiyos ay lilikha ng hangganan laban sa pag-ateke ng kahihayan, kasalanann at pagnanasa.

### **Paggawa ng Patas at Kagalang-galang na Relasyon**

Iwasan ang patibong ng pagiging mapagmataas na lalaki sa isang lingkod na sumusunod sa kaniya. Itinataas mo ba ang iyong sarili bilang isang espirtual na ama ng iyong kawan? Kung ika'y pastor, kailangan mong alisin ang mataas na posisyon na ibinigay sa iyo ng mga tao sa inyong simbahan. Ikaw dapat ang kanilang maging lingkod, hindi isang lubos na ginagalang na tagapanguna. Siyempre, gagalangin ka ng mga tao sa pagiging pastor. Pero ang isang mataas na posisyon ay maaring maging patibong sa iyo at dalhin ka sa isang seksual na relasyon sa taong nasa ilalim mo. Hikayatin ang mga tao sa paligid mo na pahalagahan din sila katulad mo. Ang bawat isa ay may ibat-ibang kaloob sa katawan ni Kristo, at lahat tayo ay pantay-pantay ang kahalagahan. Ang sinadyang palaguin ang mga relasyon na hindi ka magiging mas mataas kaysa sa ibang tao. Kung ikaw ay boss o tagapagbigay, maaari kang matuksong gamitin ang posisyong ito para manipulahin ang iba na magkaroon ng seksual na relasyon sa iyo. Kung ikaw ay pastor (lingkod), dapat mong gamitin ang iyong impluwensiya na lumago ang iba sa pagtitiwala sa sarili, dalisay na mga tao ng Diyos.

### **Pigilan ang Pag-uudyok**

Sa paglakad mo sa iyong buhay, bigla ka na lang tatamaan ng pag-atakeng espirtual. Madalas, ang pag-atakeng iyan ay nakakabit sa iyong nakita, naamoy, ang dating pelikula na iyong naalala, awitin, ang iyong

naalala o iniisip. Kung mapansin mo ang pag-uudyok, itakwil ang nag-uuyok na iyon. Agad na sabihin, “Sa pangalan ni Jesu-Kristo, aking itinatakwil ang pag-uudyok ng \_\_\_\_\_. Wala kang kapangyarihan sa akin.” Tapos sabihin, “Sa makapangyarihang pangalan ng Panginoong Jesu-Kristo, espiritu ng pagnanasa layuan mo ako. Huwag ka nang bumalik kailan man.” Huwag matakot sa mga pag-uudyok. Pigilan ang mga ito pag natagpuan mo sila sa iyong buhay. Kung mayroong lugar na dinadaan papunta sa isang bayan na lagi kang inaatake, pag dumadaan ka sa lugar na iyon, “Sa pangalan ni Jesu-Kristo, tinatakwil ko ang pag-atake sa lugar na ito. Itinatakwil ko ang pag-atake sa lugar na ito sa pangalan ni Jesus.” Makikita mo ang pagkakaiba. Kung ikaw ay nananaginip ng seksual, gumising ka at sabihin, “Aking itinatakwil ang \_\_\_\_\_ sa aking panaginip. Hindi ito makatotohanan sa akin. Sa pangalan ni Jesu-Kristo, espiritu na umaatake sa aking panaginip iwanan mo ako ngayon din.” Sa paglipas ng panahon, nakikita mo na ang pag-uudyok na ito ay mawawala ang kaniyang kapangyarihan. Ang totoo nga e, ang iba sa kanila ay agad na mawawala ang kanilang kapangyarihan pag itinakwil mo sila bilang mga tagapag-udyok.

### **Humingi ng Tulong Panalangin**

Kung pakiramdam mo ay paulit-ulit kang inaatake, at hindi mo ito mapaalis sa pagpapaalis sa pangalan ni Jesu-Kristo at pagsasabi ng mga talata sa Biblia, kailangan mong humingi ng tulong sa panalangin. Sabihin mo sa asawa mo na ipanalangin ka at paalisin ang espiritong umaatake sa iyo. O sabihin sa pastor na ipanalangin ka at paalisin ang espiritong umaatake sa iyo. Kapag isiniwalat mo ang pag-atake at may nakakaalam nito, karaniwan ay agad na umaalis ang umaatake. Huwag mag-isang labanan ang espiritu. Mahalagang dalhin mo ang labanan sa liwanag.

### **Magplano ng Maaga**

Kung alam mo na ikaw ay mahina sa isang lugar o sa spesipikong oras, magplano ng maaga para maiwasan ang lugar o punan ang oras na iyon ng mga aktibidad. Halimbawa, kung ikaw ay natutukso na tumingin sa pornograpiya sa gabi sa iyong telepono, itabi sa gabi ang telepono sa lugar na hindi mo maaabot. Palitan ang telepono ng libro o makipag-usap sa iba.

Kung ikaw ay aalis at mapapadaan sa lugar na madalas kang makaramdam ng pag-atake, sabihin ito ng malakas: “Banal na Espiritu, ingatan po ninyo ako sa aking pag-alis ng bahay. Sa pangalan ni Jesu-Kristo, tinatakuban ko ang aking sarili ng dugo ni Jesus at ipinapanalangin ang pagbakod ng dugo na nagbibigay ng pag-iingat sa aking paligid at sa aking pamilya. Banal na Espiritu, ipadala po ninyo ang inyong mga anghel para ingatan ako.” Ang paglalaan ng oras para sabihin ang panalangin ito bago ka umalis ng bahay ay makakatulong upang maiwasan ang mga pag-atake.

### **Idate ang iyong Asawa**

Ang mga tao ay naglalaan ng maraming lakas para hindi magkaroon ng kasalanang seksual. Sa halip, ilaan ang lakas na iyan sa pagkakaroon ng magandang relasyon sa iyong asawa. Alamin ano ang ikinasasaya ng asawa mo pag kasama ka. Umpisahang sabihan siya ng mga pananalita ng pagmamahal. Gumawa ng puwang sa iyong buhay para sa pag-iibigan kasama ang iyong asawa na kapwa kayo nasisiyahan. Gawin itong prioridad. Ang seksual na pagkahilig ay isang pagpapala na pinipilit agawin ni Satanas sa inyong mag-asawa. Labanan ito sa pamamagitan ng pagbabantay ng malusog na seksual na relasyon sa inyong mag-asawa.

### **Gamitin ang Espada ng Panginoon**

Ang buong baluti ng Diyos ay mahalaga sa labanan. Ngayon, pag-uusapan natin ang paggamit ng espada ng Banal na Espiritu, ito ay ang salita ng Diyos. Malakas na sinabi ni Jesus ang katotohanan noong Siya'y tinukso ni Satanas. Hindi nito agad napahinto si Satanas sa panunukso sa Kaniya. Pero, napatigil nito ang panunukso at iniwan Siya ni Satanas nang patuloy na sinasabi ni Jesus ang mga Banal na Kasulatan. Tiyak na parehong pag-atake ang nangyayari sa inyo. Halimbawa, kung ito'y pagnanasa, sabihin, “Sa pangalan ni Jesu-Kristo, espiritu ng pagnanasa iwanan mo ako ngayon din. Pinipili ko ang pagiging kontento at pagiging makadiyos.” Kung ikaw ay inaatake ng pagkatakot, sabihin mo, “Sa pangalan ni Jesu-Kristo, espiritu ng pagkatakot iwanan mo ako ngayon din. Pinipili kong pagtiwalaan ang Diyos. Hindi ko tinatanggap ang

espiritu ng takot, pero sa kapangyarihan, pagmamahal at sa malakas na pag-iisip.” Kung ikaw ay inaatake ng espiritu ng pagkokontrol, sabihin mo, “Sa pangalan ni Jesu-Kristo, espiritu ng pagkokontrol iwanan mo ako ngayon din. Ako'y nagtiwala sa Banal na Espiritu na magturo at magkontrol.”

### **Gumamit ng Mga Totoong Pahayag na Batay sa Dugo ni Jesus**

Narito ang ilang halimbawa ng totoong pahayag na batay sa dugo ni Jesu-Kristo. Basahin ang inyong Biblia upang makita ang maraming katotohanan sa dugo ni Jesus na ipinambayad para sa iyo. Sabihin ito ng malakas kung ikaw ay inaatake.

Sa dugo ni Jesu-Kristo, ako'y pinabanal at inilaan bilang templo ng Diyos. Lisanin mo na ako. Ikaw ay labag na pumapasok sa pag-aari ng Diyos.

Sa dugo ni Jesu-Kristo, ako'y pinawalang sala at pinatawad. Espiritung mapanghusga iwanan mo na ako.

Sa dugo ni Jesu-Kristo, ako'y nilinis habang lumalakad sa liwanag.

Sa dugo ni Jesu-Kristo, ako'y tinanggap. Espiritu ng hindi pagtanggap iwanan mo na ako.

Sa dugo ni Jesu-Kristo, ako'y kinatawan ni Cristo. Ako'y hindi nahihiya. Espiritu ng pagkahiya iwanan mo na ako.

Sa dugo ni Jesu-Kristo, pinalalaya ko ang aking sarili mula sa sumpang ito. Bumalik ka sa nagpadala sa akin nito sa pamamagitan ng daliri ng Diyos.<sup>ix</sup>

Sa dugo ni Jesu-Kristo, ako'y pinagaling. Karamdaman iwanan mo na ako sa pangalan ni Jesus. <sup>x</sup>

### **Tahimik na Oras Kasama ng Banal na Espiritu**

Ang lahat ng espirituwal na pakikidigma ay nakipaglaban sa isang lugar ng pakikipag-ugnayan sa Diyos. Dapat mong tuloy-tuloy na simulan ang bawat araw sa panalangin. Dapat mong basahin nang paulit-ulit ang talata sa Bagong Tipan at maglaan ng oras sa libro ng Mga Awit at Kawikaan. Kung nahihirapan kang pagtuunan ang Biblia, huminto ka at tanungin ang Banal na Espiritu kung bakit ka nahihirapang pagtuunan ang Biblia. Tapos sabihin mo, “Sa makapangyarihang pangalan ni Jesu-Kristo, espiritu na gumugulo sa akin para hindi maintindihan ang Biblia umalis ka na at huwag ka nang babalik. Pumunta ka kay Jesus para ka mahusgahan.” Tapos maglaan ng oras para muling basahin ang talata na nahihirapan kang basahin.

Maglaan ng oras ng katahimikan kasama ng Banal na Espiritu at manalangin. Maglaan ng oras para tanungin Siya kung ano ang gusto Niyang pagtuunan mo sa iyong ministryo. Tanungin mo Siya kung ano ang gusto Niyang ipalinis sa iyo sa iyong kaluluwa at isipan. Maging tapat sa Banal na Espiritu tungkol sa pag-atake na iyong nararanasan.

### **Humingi ng Tulong sa Diyos**

Para itong tinapay, Dalawang piraso ng tinapay na may palaman sa gitna. Simulan ang espirtual na pakikidigma sa paghingi sa Diyos ng tulong. Tapos, gamitin ang iyong totoong pahayag at magsalita sa pamamagitan ng awtoridad ni Kristo. Tapusin ang lahat ng labanan ng may pasasalamat at papuri. Sabihin ito ng malakas: “Kay Jesus ang tagumpay! Kay Jesus ang tagumpay!”

Tandaan na lumaban ka ng may espada na marami nang dugo ni Satanas dahil nilabanan na siya ni Jesus at winasak na si Satanas. Ikaw ay nasa proseso ng paghahatid ng tagumpay na iyan sa bawat bahagi ng iyong buhay at sa buhay ng karamihan.

### **Pagpapasalamat at Pagpupuri**

Ang estratehiyang gumagana sa akin ay ang tumugon sa mga pag-atake sa espiritu sa pamamagitan ng agad na pasasalamat sa Diyos at pagpupuri sa Diyos.

## **Konklusyon**

### **Panatilihin ang Matapat na Paglakad**

**Ang prinsipeng ng sanlibutang ito ay dumarating. Tunay na wala siyang bahagi sa akin Juan 14:30b (SND).**

## **Dumarating na ang pinuno ng sanlibutang ito. Wala siyang kapangyarihan sa akin. (MBBTAG).**

Si Jesus ay walang kasalanan, walang pagkukutaan, at walang lugar ng pagrerebelde. Kaya, walang kapangyarihan si Satanas kay Jesus. Walang lugar na panghahawakan si Satanas kay Jesus. Ang mananampalataya ay dapat na palagiang harapin ang kanyang mga pinagkukutaan, rebelyon at kasalanan. Kung siya'y magkasala, aminin at talikuran ang kasalanan iyon. Kung makakita siya ng mga pagkukutaan, wasakin ito. Kung nakakaramdam siya ng espiritual na pag-atake, lumaban ito. Kailangan niyang panatilihin ang malinis na pamumuhay. Ito ang isa sa kaniyang mahalagang sandata laban sa seksual na kasalanan. Magpakita ka at managot.

Kung ikaw ngayong ay lulong sa pornograpiya o nasa hindi tamang pakikipagrelasyon, kakailanganin mo ng tulong. Ang estratehiya para makalaya sa pagkakalulong ay hindi espesipikong naipaliwanag sa maliit na librong ito. Kaya kailangan mong humingi ng tulong. May mga librong makakatulong para maging 100% malaya mula sa pornograpiya at seksual na mga kasalanan.

Ano ang iyong magiging pamana? Ano ang ipapasa mo sa iyong mga anak? Ipapasa mo ba ang pagiging makadiyos, kapangyarihan, pagmamahal, at malusog na pag-iisip? O, ipapasa mo ang kuta ng seksuahidad at pamamuhay na ipinamana ang nakatagong kasalanan? Hindi! Hindi iyan ang iyong kasaysayan! Ang iyong kasaysayan ay ang pagiging malinis, matagumpay, at makadiyos. Gawin ang pagpiling ito ngayon at gawin ang pagpiling ito araw-araw. Espiritual na pakikidigma ang ating tungkulin. Nagtagumpay na tayo. Ipamuhay natin ang tagumpay na iyon ng may pagtatagumpay!

[www.SwansonMission.com](http://www.SwansonMission.com)

---

<sup>i</sup> Adapted from a prayer and used by permission from God's Way Out of Pornography by Aureole Piper (Queensland, Australia: Freedom In Christ Ministries, 2019)

<sup>ii</sup> Soul tie prayer used by permission from Healing Through Deliverance 2: The Practical Ministry by Peter Horrobin (Ventura, CA: Renew Books, 1995)

<sup>iii</sup> Prayer to remove demon used by permission from How to Cast Out Demons: A Guide to the Basics by Doris M. Wagner (Bloomington, Minnesota: Chosen Books, 2014)

<sup>iv</sup> Basic concept from Blessing or Curse: You Can Choose by Derek Prince (Bloomington, Minnesota: Chosen Books, 2006)

<sup>v</sup> Some basic concepts from Applying the Blood by Derek Prince (Shippensburg, Pennsylvania: Destiny Image, 2020)

Scripture texts from the Ang Biblia © 2001 Philippine Bible Society, used with permission. Magandang Balita Biblia Copyright © 2005 by Philippine Bible Society. Ang Salita Ng Diyos. Grand Rapids, Michigan: Bibles International. 1998

English Bible verses are from the New King James Version and are copyrighted Copyright © 1982 by Thomas Nelson, Inc. Scripture quotations marked (NLT) are taken from the Holy Bible, New Living Translation, copyright ©1996, 2004, 2015 by Tyndale House Foundation. Used by permission of Tyndale House Publishers, Carol Stream, Illinois 60188. All rights reserved.

<sup>vi</sup> Adapted from a prayer and used by permission from God's Way Out of Pornography by Aureole Piper (Queensland, Australia: Freedom In Christ Ministries, 2019)

<sup>vii</sup> Soul tie prayer used by permission from Healing Through Deliverance 2: The Practical Ministry by Peter Horrobin (Ventura, CA: Renew Books, 1995)

<sup>viii</sup> Prayer to remove demon used by permission from How to Cast Out Demons: A Guide to the Basics by Doris M. Wagner (Bloomington, Minnesota: Chosen Books, 2014)

<sup>ix</sup> Basic concept from Blessing or Curse: You Can Choose by Derek Prince (Bloomington, Minnesota: Chosen Books, 2006)

<sup>x</sup> Some basic concepts from Applying the Blood by Derek Prince (Shippensburg, Pennsylvania: Destiny Image, 2020)

Cover Photo: James Swanson Studios. Copyright by Tim Swanson 2023. Scripture quotations marked (NIV) are taken from the Holy Bible, New International Version®, NIV®. Copyright © 1973, 1978, 1984, 2011 by Biblica, Inc.™ Used by permission of Zondervan. All rights reserved worldwide. [www.zondervan.com](http://www.zondervan.com)The "NIV" and "New International Version" are trademarks registered in the United States Patent and Trademark Office by Biblica, Inc.™ Scripture verses marked (NKJV) are from the New King James Version and are copyrighted Copyright © 1982 by Thomas Nelson, Inc. Scripture quotations marked (NLT) are taken from the Holy Bible, New Living Translation, copyright ©1996, 2004, 2015 by Tyndale House Foundation. Used by permission of Tyndale House Publishers, Carol Stream, Illinois 60188. All rights reserved. Scripture verses marked (ABTAG2001) texts are from the Ang Biblia © 2001 Philippine Bible Society, used with permission. Scriptures marked (MBBTAG) are from Magandang Balita Biblia © 2012 Philippine Bible Society, used with permission. Scripture verses marked (SND) are from Ang Salita Ng Diyos © Bibles International. 1998: Grand Rapids, Michigan, used with permission.